
# TANDAAN NATIN!

Ang pagiging mabuting mamamayan ay hindi lamang tungkol sa pagsunod sa batas at pagtupad sa mga tungkulin sa komunidad, kundi pati na rin sa mas malalim na aspeto ng espiritwalidad. Ang espiritwalidad ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa ating buhay, nagtuturo ng pagmamalasakit at responsibilidad, at nag-uudyok ng positibong ugnayan sa komunidad. Ang mga taong may mataas na antas ng espiritwalidad ay mas malamang na tumulong at magmalasakit sa kapwa.

Ang pagiging mabuting mamamayan ay sumasalamin sa kakayahan nating magpakita ng pagmamalasakit, respeto, at pagiging patas, na nagmumula sa espiritwalidad. Ang pagtupad sa tungkulin bilang mamamayan, tulad ng pakikilahok sa paglilinis ng komunidad, pagtulong sa matatanda, pagsuporta sa charitable institutions, pagtataguyod ng katarungan panlipunan, at pangangalaga sa kalikasan, ay nagpapabuti hindi lamang sa ating komunidad kundi pati na rin sa ating espirituwalidad.





LIVEWORKSHEETS

# TANDAAN NATIN!

Bilang mag-aaral, paano makakatulong ang espiritwalidad sa iyong pagiging mabuting mamamayan, at paano mo ito maisasakatuparan sa iyong pang-araw-araw na buhay?





LIVEWORKSHEETS